# Masaklawan:

## Mga bagay na dapat malaman tungkol sa Health Insurance Marketplace

- **Kung wala kang pangkalusugang insurance, matutulungan ka ng Health Insurance Marketplace® na makahanap ng coverage na bagay sa mga pangangailangan mo at budget. Kapag pinunan mo ang isang Marketplace application, sasabihin namin sa iyo kung kuwalipikado ka para sa:**
  - **Mga pribadong insurance plan.** Maaari kang kuwalipikado para makatipid batay sa laki at kita ng sambahayan mo. Kung hindi ka kuwalipikado na makatipid, maaari ka pa ring bumili ng Marketplace coverage. Sinasaklawan ng mga plan ang mahahalagang benepisyong pangkalusugan, mga umiiral na kundisyon at preventive na pag-aalaga. Karaniwan ay makakapag-enroll la lan sa isa sa mga plan na ito sa taunang Panahon ng Bukas na Pag-enrill, maliban kung kuwalipikado ka para sa Panahon ng Espesyal na Pag-enroll dahil sa kaganapan sa buhay (tulad ng kapag nawalan ng pagsasaklaw, pag-aasawa, paglipat o panganganak).
  - **Medicaid o ang Children's Health Insurance Program (CHIP).** Nasasaklawan ng mga programang ito ang mga taong limitado ang kita, mga kapansanan, at mga ibang sirkumstansiya. Kung tilang kuwalipikado ka, ipapadala namin ang inyong impormasyon sa ahensiya ng estado niyo, at kokontakin ka nila. Maaari kang mag-apply para sa Medicaid o CHIP anumang oras.
- **Pumunta sa** HealthCare.gov **HealthCare.gov para matuto pa tungkol sa kung paano mag-apply para sa Marketplace coverage.** Pinatatakbo ng ilang mga estado ang sarili nilang Marketplace. Sa mga ilang ibang estado, ang Marketplace ay pinatatakbo ng pederal na pamahalaan. Saan ka man nakatira, mahahanap mo ang mga susunod mong hakbang sa HealthCare.gov.
- **Kung nararapat ka sa batay sa trabahong insurance, mapag-iisipan mong lumipat sa isang Marketplace plan.** Pero hindi ka maaaring naka-enrol sa plano na batay sa trabaho at Marketplace plan na may natipid kasabay nito. Kung hindi ka naka-enroll sa isang job-based na plano pero hinahandugan ka ng iyong employer ng isa, hindi ka kuwalipikado na makatipid batay sa iyong kita maliban kung ang job-based na plano ay hindi abot-kaya o hindi nakatutugon sa mga minimum na pangangailangan.
- **Kung nakaranas ka ng ilang mga kaganapan sa buhay (tulad ng paglipat sa bagong estado, pag-aasawa, panganganak o pagkawala ng pangkalusugang pagsasaklaw), maaaring kuwalipikado ka para sa Panahon ng Espesyal na Pag-enroll para mag-enrol sa o baguhin ang iyong Marketplace plan sa labas ng Open Enrollment.** Maaari kang mag-apply para sa Medicaid o CHIP anumang oras. Maaaring ipasumite ka ng Marketplace ng mga dokumento para kumpirmahin ang mga kaganapan na gagawin kang nararapat. Dapat kang magpadala ng mga kopy ng mga dokumento bago ka makakapagsimulang gumamit ng iyong coverage.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka.

Pumunta sa **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice.html**, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para sa higit pang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

**Health Insurance Marketplace**

CMS Product No. 11749-T (Tagalog)
Revised July 2021

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S..
Ang Health Insurance  Marketplace® ay isang nakarehistrong marka ng serbisyo ng U.S. Department of Health & Human Services.

HealthCare.gov